Gabay ng Mga Empleyado para sa Ordinansa tungkol sa Bayad na Pagliban ng Magulang sa San Francisco (San Francisco Paid Parental Leave)

Hakbang 1

Mag-apply para sa Bayad na Pampamilyang Pagliban o Paid Family Leave (PFL) ng EDD

Mag-apply para sa PFL sa Employment Development Department (EDD) online sa www.californiapaidfamilyleave.com o sa pamamagitan ng papel na aplikasyon. Kung wala kayong driver's license o ID, gumamit ng papel na aplikasyon.

Lagyan ng check ang kahon A22, na nagbibigay-daan sa EDD na ipaalam sa inyong employer ang halaga ng inyong benepisyo.

Hakbang 2

Kumpletuhin ang SF Paid Parental leave Form (SF PPL Form)

Dapat na bigyan kayo ng form ng inyong employer. Mahahanap rin ninyo ito online sa www.sfgov.org/pplo.

Kung marami kayong employer, punuan ang tig-isang form para sa bawat employer.

Hakbang 3

Ibigay sa Employer ang SF PPL Form at EDD Notice of Computation

Magpapadala ang EDD ng Abiso ng Kuwenta (Notice of Computation) na naglalaman ng halaga ng inyong benepisyo kada linggo. Kung binabayaran kayo ng Seguro sa Kapansanan ng Estado (State Disability Insurance o SDI) bago ang PFL, gamitin ang Notice of Computation na ipinadala sa inyo ng EDD para sa inyong SDI claim.

Hakbang 4

Abisuhan ang Employer Kapag Natanggap Ninyo ang Unang Bayad sa PFL

Maaari kayong hingian ng inyong employer ng Abiso ng Pagbabayad (Notice of Payment) o Elektronikong Abiso ng Pagbabayad ng Benepisyo (Electronic Benefit Payment Notification).

Mangyaring makipag-ugnayan sa Opisina ng Pagpapatupad sa Pamantayan sa Paggawa (Office of Labor Standards Enforcement) sa pplo@sfgov.org o sa (415) 554-4190 kung mayroon pa kayong anumang tanong o online sa www.sfgov.org/pplo.